7

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kuwarter 4

Aralin

3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 7**
**Kuwarter 4: Aralin 3 (para sa Ikatlong Linggo)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Patricia Gertrude S. Reyes (Malabon National High School)

**Tagasuri**

- Joel Costa Malabanan (Philippine Normal University-Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**FILIPINO/ KUWARTER 4/ BAITANG 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng Obra Maestra – Ibong Adarna para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (*multimodal)* para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng iskrip para sa *shadow play* tungkol sa mahahalagang pangyayari sa Ibong Adarna na maiuugnay sa pagiging Pilipino na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at *multimodal* na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa**<br><br>**Obra: Ibong Adarna saknong 216-442**<br><br>1. *Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng Ibong Adarna batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao.*<br><br>**Nasusuri ang mga tekstong biswal na makikita sa Ibong Adarna**<br><br>*a. Naipaliliwanag ang kahulugan ng tekstong biswal sa Obra Maestra- Ibong Adarna.*<br>b. *Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng Obra Maestra- Ibong Adarna.* |
| **C. Nilalaman** | • Elemento ng Obra: Ibong Adarna<br>- Pananaw, moral, katangian at karanasan<br>• Tekstong Biswal sa Ibong Adarna:<br>- Mga teknikal na biswal (laki, espasyo, kulay, linya, anyo at imahen) |
| **D. Integrasyon** | • Edukasyon sa Pagpapakatao<br>• Music (MAPEH) |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| Amoy, N., Jobog, J., Magalong, N., Jocson, M., & Cabuhat, A. M. (n.d.). *Kayumanggi sa Ibong Adarna: Unang Bahagi* (1st ed.). LEO-ROSS Publications.<br>Baisa- Baisa-Julian, A., Lontoe, N., Esguerra, C., & Dayag, A. (2013). *Pinagyamang Pluma 7*. Phoenix Publishing House, Inc.<br>Bartolome, Heber (1985) Inutil na Gising https://www.youtube.com/watch?v=r3iWfHaqxxM<br>Crossbones, S. (n.d.). *Filipino7 Q4 W5-PAg-Uugnay sa sariling karanasan FINAL*. Scribd. https://www.scribd.com/document/605771863/Filipino7-Q4-W5-Pag-uugnay-Sa-Sariling-Karanasan-FINAL<br>Lopez-Royo, J., Lucas Lacano, Limosnero-Ipong, M., & Lalunio, Dr. L. (2011). *Bagong Likha I*. JO-ES Publishing House, Inc.<br>Mantos, R. G. (n.d.). *IBONG ADARNA ANG BUNGA NG INGGIT.docx*. Scribd. https://www.scribd.com/document/631514650/IBONG-ADARNA-ANG-BUNGA-NG-INGGIT-docx<br>Noypi.com.ph. (2023, July 28). *Ibong Adarna Buod ng Bawat Kabanata 1-46 with Talasalitaan*. https://noypi.com.ph/ibong-adarna-buod/#Kabanata-13<br>*Pagbuo ng mga elementong biswal*. (2018, January 28). [Slide show]. SlideShare. https://www.slideshare.net/HaroldDeGuzman1/pagbuo-ng-mga-elementong-biswal<br>*Supplemental Lessons: Filipino Baitang 7 Ikaapat na Markahan*. (2014). Rex Interactive. https://rexinteractive.com/UserFiles/IM/Pointers-Filipino-2/Supplemental%20Filipino%20High%20School%20Grade%207%204rth%20Q.pdf |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**Maikling Balik-aral**<br>Ipagawa sa mag-aaral ang sumusunod na gawain.<br><br>**A. IHANAY NATIN:** Hanapin mula sa Hanay B ang tinutukoy na tauhan sa Hanay A. Isulat ang sagot sa patlang bago ang bilang.<br>*(Tingnan sa pahina 1 ng Sagutang Papel)*<br>**B. HALAGA MO, IBAHAGI KO.**<br>Sa tulong ng *graphic organizer,* maglahad ng mga dahilan kung bakit mahalagang pag-aralan ang Ibong Adarna bilang akdang pampanitikan.<br>*(Tingnan sa pahina 1 ng Sagutang Papel)* | UNANG ARAW<br><br>**Susi sa Pagwawasto:**<br>**1.** C<br>**2.** D<br>**3.** E<br>**4.** A<br>**5.** B |

| | | |
|---|---|---|
| | **C. Foreshadowing Bilang Tekstong Biswal at Literary Device**<br>Ang foreshadowing ay isang literary device na ginagamit ng manunulat upang magsilbing pahiwatig sa magaganap sa akda. Ang panaginip ni Haring Fernando ay isang babala sa kanya tungkol sa magaganap sa kanyang mga anak. Nagsisilbi ring Tekstong Biswal ang Foreshadowing dahil nabibigyan ng clue ang mambabasa sa susunod na magaganap sa akda. Para itong "anino sa unahan" nagpapakita sa *future* o paparating na eksena. | Sa mga pelikula o teleserye. ang foreshadowing ay iniuugnay sa mga pamahiin. Halimbawa, kapag may nabasag na plato, pinggan o picture frame sa eksena, isa itong babala na may masamang magaganap sa pangunahing tauhan o isa sa mga tauhan sa pelikula.<br><br>Minsan, ginagamit na foresdowing ang malakas na bagyong paparating upang ipakitang may malaking unos o problemang darating sa buhay ng bida sa teleserye. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Panghikayat na Gawain**<br>**A. IBAHAGI NINYO**<br>Papiliin ang mga mag-aaral ng kanilang kapareha at hayaan silang magbahaginan ng sagot sa mga katanungan.<br>Mga tanong:<br>a. Sa iyong karanasan, anong madalas na dahilan ang pinagtatalunan o pinag-aawayanan ninyong magkapatid?<br>b. Paano kayo nagpapatawaran sa isa't isa?<br>c. Sa iyong pananaw, gaano kahalaga ang pagpapatawad sa isa't isa?<br><br>**B. AKO BILANG ANAK.**<br>Gumuhit ng mga simbolo na naglalarawan sa iyo bilang isang anak batay sa iyong mga karanasan.<br>*(Tingnan sa pahina 2 ng Sagutang Papel)* | Ang mga gawain ay maaaring maging gabay o pagpipilian ng guro upang lubos na maunawaan ang paksa.<br><br>Maaaring humigit sa dalawa ang magkapareha depende sa bilang ng mag-aaral na pumasok sa klase.<br><br>Kung sakaling walang kapatid ang mag-aaral, maaaring irebisa ang katanungan o sino sa kanyang mga matalik na kaibigan ang kanyang kinikilalang kapatid. |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto ng Aralin**<br><br>**NOOD-SURI-BAHAGI:** Ipapanood sa mga mag-aaral ang kwento ng magkapatid na Cain at Abel. Pagkatapos ay sagutan ang mga sumusunod na katanungan.<br>https://www.youtube.com/watch?v=t4pqJt3lOUo<br><br>**Mga Gabay na Tanong:**<br>a. Ano ang paksa ng napanood mong bidyo?<br>b. May mga pagkakataon din ba na ikaw ay nakararanas ng inggit sa iyong kapatid? Bakit?<br>c. Ano ang iyong ginagawa sa ganitong mga pagkakataon?<br>d. Kung ikaw si Cain, ano ang iyong gagawin?<br><br>**3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**IAYOS MO:** Ayusin ang mga ginulong letra sa loob ng kahon at isulat sa patlang ang salitang hinihingi upang mabuo ang pangungusap. Gawing gabay ang kahulugan na nasa tabi ng kahon gayundin ang mga titik sa una at hulihan ng salita.<br><br>*(Tingnan sa pahina 3 ng Sagutang Papel)* | Magtatawag ang guro ng boluntaryong magbabahagi sa harapan ng klase o maaari siyang mamili gamit ang iba't ibang paraan tulad ng *name picker, spin the wheel,* at iba pa na maaaring ma-*download* sa mga gadget.<br><br>**Mga sagot:**<br>1. napawi<br>2. nanlulugo<br>3. mapagsukab<br>4. kaniig<br>5. malaon |
| **B. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa: Mahahalagang Kaisipan sa mga Saknong batay sa Sariling Pananaw, Moral, Katangian at Karanasan ng Tao.**<br><br>***Pagproseso ng Pag-unawa***<br><br>**Patnubay na tanong:**<br>Basahin ang mga tanong bilang gabay sa pagbasa at pagsuri ng buod ng saknong 216-442 ng Ibong Adarna.<br>a. Ano ang ginawa ng dalawang prinsipe sa bunsong kapatid? Tama ba ang ginawa nila? Patunayan ang sagot. | IKALAWANG ARAW |

b. Sa iyong palagay, nangyayari rin ba sa tunay na buhay ang magkainggitan sa pagitan ng magkakapatid?
c. Isa-isahin ang mga pangyayari sa kwento na iyo ring naranasan.

**Pinatnubayang Pagsasanay**

Gawin ang nakahandang gawain pagkatapos basahin ang buod.

**PINATNUBAYANG PAGBASA**

**Buod ng saknong 216-442 ng Ibong Adarna**

Maaaring mamili ang guro ng mag-aaral na babasa sa buod o di nama'y dugtungang pagbasa.

Ipabasa sa bahay ang mga saknong upang maging pamilyar ang mag-aaral sa nilalaman nito.

Ibinilin ng ermitanyo kay Don Juan na kailangan niyang buhusan ng tubig ang dalawang batong nakita niya sa ilalim ng punong tirahan ng ibon upang lumitaw ang dalawa niyang kapatid. Agad itong sinunod ni Don Juan at dahang-dahang ibinuhos sa batong nakapuntod. Unang lumitaw si Don Pedro at agad nagyakap ang magkapatid. Isinunod naman si Don Diego at umapaw ang kagalakan ng magkakakapatid. Nagtungo ang magkakapatid sa bahay ng ermitanyo at doon nagkaroon ng isang pagsasalusalo. Sa pagtatapos ng kanilang selebrasyon ay agad namang umuwi ang tatlong magkakapatid dala ang lunas. Bago umuwi ay naghabilin ang ermitanyo na sana ay walang magtataksil sa kanila. Nagpaalam si Don Juan na lumuhod pa at nanghingi ng bendisyon sa ermitanyo.

*231 Ermitanyo ay naakit*
*sa gayong banal na nais,*
*nagsaamang sa pag-ibig*
*sa anak ay di nagkait.*

Sa pag-uwi ng magkakapatid sa Berbanya, nakaisip si Don Pedro ng isang plano sa nakababatang kapatid. Upang sa kanila'y pag-uwi ay kapurihan at hindi kahihiyan ang kanilang makukuha. sa ama. Sinabi ni Don Pedro kay Don Diego na balak niyang patayin ang nakababatang kapatid. Batid ni Don Diego na masama ang pagpatay kaya hindi niya alam kung kanino siya papanig lalo't sila'y magkakapatid. Upang mapapayag si Don Diego, binalak na lamang ni Don Pedro na bugbugin si Don Juan

at iwan sa kabundukan. Uuwi silang bitbit ang lunas at karangalan nang walang nakaaalam nang katotohan, kaya't kahit may agam-agam ay pumayag si Don Diego.

*252 Itong huling pangungusap*
*ni Don Pedrong mapagsukab*
*pikit-mata nang kinagat*
*ni Don Diegong napabulag.*

Ang kaawa-awang Don Juan ay pinagtulungang bugbugin at iniwan ng dalawa. Bumalik sina Don Pedro at Don Diego ng Berbanya bitbit ang Ibong Adarna. Tuwang-tuwa ang hari nang makita ang kanyang mga anak ngunit bigla ring naglaho nang malamang hindi kasama ang bunsong si Don Juan. Ang Ibong Adarna nama'y nagbago ng itsura, naging napakapangit nito, nawala ang matamlay ang noong makulay nitong balahibo. Lumala ang kalagayan ng hari dahil sa matinding pag-aalala sa bunsong anak. Ang dapat sanang lunas na Ibong Adarna ay ayaw umawit dahil batid nitong ang tunay na nagmamay-ari ay wala sa kaharian.

*261 Ang kangina'y kagaanan*
*sa laon ng karamdaman,*
*ngayo'y isang kabigatan*
*tila ibig nang mamatay.*

*262 Bakit ang ibong Adarna*
*sinasabing anong ganda,*
*ngayo'y ayaw nang kumanta*
*nanlulugo't pumapangit pa!*

*271 Ibo'y ayaw ring kumanta*
*pagkat dinaramdam niyang*
*yaong may-ari sa kanya sa*
*palasyo ay wala pa.*

*272 Malaki ang kanyang nais*
*na ang kanyang mga awit*

*sakali mang marinig*
*si Don Juan ay kaniig.*

Hinang-hina si Don Juan dahil sa tinamong bugbog mula sa kanyang mga kapatid. May isang matanda ang nakakita kay Don Juan at agad itong ginamot. Sa isang iglap ay biglang naglaho ang mga sugat sa kanyang katawan. Namangha si Don Juan at niyakap nito ang matanda tanda ng pasasalamat sa pagligtas sa kanyang buahy. Iniutos naman agad ng matanda na magmadaling bumalik ito sa palasyo upang magamot ang amang hari. Sa kanyang pagbabalik sa Berbanya ay agad niyang tinungo ang haring hindi halos makakilos. Pagkakita kay Don Juan ay agad namang nagpumilgas ang ibon, bumalik sa dati nitong ganda at umawit upang isalaysay ang pinagdaanan ni Don Juan upang siya ay mahuli at ang pagtataksil ng kanyang mga kapatid. Pitong beses itong umawit at sa bawat pag-awit ay nagpapalit ito ng bihis. Sa pagtatapos ng pag-awit ng ibon ay agad namang nawala ang karamdaman ng hari. Galit na galit ang ama kina Don Pedro at Don Diego. Nais sana niyang parusahan ang magkapatid ngunit pinigilan lamang siya ni Don Juan. Ngunit sa ikalawang pagkakataon, muli nanamang nakaranasan ng pagtataksil si Don Juan mula sa kanyang mga kapatid. Nilinlang nila ang bunsong kapatid at saka naman pinakawalan ang ibong Adarna nang makatulog si Don Juan sa kanyang pagbabantay. Nang siya'y magising, wala na ang ibon sa hawla, sa takot na maparusahan ang magkapatid, umalis ito at nagtungo sa bundok ng Armenya.

- *Buod ni Patricia Gertrude S. Reyes*

**IKATLONG ARAW**


**Paglalapat at Pag-uugnay**

**SURIIN NATIN:**

1. Ano ang dinanas ni Don Juan mula sa kanyang mga kapatid?
2. Sa iyong palagay, tama ba ang ginawa ng magkapatid kay Don Juan? Patunayan.
3. Sa iyong palagay, nangyayari rin ba sa tunay na buhay ang magkainggitan sa pagitan ng magkakapatid?
4. Anong pagkakataon sa iyong buhay ang maaari mong ihambing sa pinagdaanan ni Don Juan?

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
5. Bukod sa iyong pamilya at mga kaibigan, kanino ka pa maaaring lumapit upang humingi ng tulong?<br><br>
Pangkatang Gawain<br><br>
Hatiin ang klase sa apat na grupo at ibigay ang mga paksang kanilang tatalakayin.<br><br>
Unang Grupo: (PANANAW)<br><br>
252 Itong huling pangungusap<br>
ni Don Pedrong mapagsukab<br>
pikit-mata nang kinagat<br>
ni Don Diegong napabulag.<br><br>
→ Tungkol saan ang saknong?<br><br>
→ Kung ikaw si Don Diego, susunod ka ba sa kanyang planong masama? Ipaliwanag.<br><br>
262 Bakit ang ibong Adarna<br>
sinasabing anong ganda,<br>
ngayo'y ayaw nang kumanta<br>
nanlulugo't pumapangit pa!<br><br>
271 Ibo'y ayaw ring kumanta<br>
pagkat dinaramdam niyang<br>
yaong may-ari sa kanya sa<br>
palasyo ay wala pa.<br><br>
272 Malaki ang kanyang nais<br>
na ang kanyang mga awit<br>
sakali mang marinig<br>
si Don Juan ay kaniig.<br><br>
→ Tungkol saan ang saknong?<br><br>
→ May katwiran ba ang Ibong Adarna sa kanyang di pagkanta? Ipaliwanag.<br><br>
Sa kabuuan, dapat ka bang mainggit sa karangalang nakakamit ng iyong kapwa? Bakit? Magbigay ng halimbawang pangyayari.<br><br>
IKALAWANG GRUPO: (MORAL)
</td>
<td>
Sa pangkatang gawain, maaaring magpadala ang guro ng mga materyales tulad ng manila paper, pentel pen at mga pangkulay. Maaari ring sa guro manggagaling ang mga materyales.<br><br>
Mamimili ang bawat grupo ng 2-3 kinatawan upang magtalakay sa harap ng klase.<br><br>
Magbibigay ng feedback at ilang input ang guro batay sa magiging talakayan nito.
</td>
</tr>
</table>

Ang mga aral na mapupulot sa korido ay nagsisilbing gabay sa ating pang-araw-araw na pamumuhay. Itala sa ibaba kung anong kahalagahang moral ang naidudulot nito sa bawat isa. Gawing gabay ang *graphic organizer* sa ibaba.




**IKATLONG GRUPO: (KATANGIAN)**
Sa pamamagitan ng Chart, punan ng mga impormasyong hinihingi. Gawing gabay ang halimbawa sa unang hilera.

| TAUHAN | SAKNONG | KATANGIANG PINAMALAS |
|---|---|---|
| *Ibong Adarna* | *272 Malaki ang kanyang nais<br>na ang kanyang mga awit<br>sakali mang marinig<br>si Don Juan ay kaniig.* | *Naging matapat ang ibong adarna sa totoong nagmamay-ari sa kanya* |
| Don Pedro | *236 Kaya ngayon ang magaling<br>si Don Juan ay patayin;<br>kung patay na'y iwan natin,<br>ang Adarna namay' dalhin.* | |
| Don Diego | *252 Itong huling pangungusap<br>ni Don Pedrong mapagsukab<br>pikit-mata nang kinagat<br>ni Don Diegong napabulag.* | |
| Don Juan | 278 Sa kawalan ng pag-asa,<br>sa Diyos na tumalaga;<br>kung gumaling ay ligaya,<br>kung masawi'y palad niya. | |

**IKAAPAT NA GRUPO: (KARANASAN)**
Magbigay ng tatlong pangyayari sa akda na maihahalintulad o may kauganayan sa sariling karanasan.

| PANGYAYARI SA AKDA | SARILING KARANASAN |
|---|---|

Malaya ang guro na pumili ng iba pang *graphic organizer*.

| | |
|---|---|
| Pangyayari 1 | |
| Pangyayari 2 | |
| Pangyayari 3 | |

**LIKHA-DIWA:**
Suriin ang larawan. Iugnay ito sa pangyayari sa akdang binasa at sagutan ang mga katanungan.



1. Anong pangyayari sa akda ipinakikita ng larawan?
2. Anong elementong biswal ang dapat taglayin upang mas maunawaan ang mensahe nito?

https://quizizz.com/admin/quiz/603b7fdaaf071e001b80e10f/ibong-adarna-kabanata-14

**C. Paglalahat**

**IKAAPAT NA ARAW**

**Pabaong Pagkatuto**

**Alam Ba Ninyo?**

Ang awit o musika ay isa sa mahahalagang sining dahil nagbibigay ito ng karagdagang buhay at inspirasyon sa bawat isa. Iba't ibang emosyon ang inilalarawan ng bawat awit tulad ng pag-ibig, kasawian, kalungkutan, at iba pa.

Sa pagbuo ng isang awit, maaari nating ibahagi sa iba ang ating nararamdaman. Sa pamamagitan ng mga salita na binuo ng tinatawag na *lyricist* at komposer naman ang isang taong naglapat o lumikha ng tono o musika nito.

Ang mga karagdagang konsepto at impormasyon ay may kaugnayan sa intergrasyon. Malaya ang guro na magdagdag pa ng ilang detalye maging kung paano ito tatalakayin sa mga mag-aaral.

| | | |
|---|---|---|
| | Makikita sa Ibong Adarna na malaki ang naging gampanin ng awit sa mga tauhan. Iba-iba ang epekto nito batay sa hinihingi ng pangyayari o pagkakataon. Pitong beses umaawit ang ibong Adarna, kaakibat nito ay ang pagpapalit ng kanyang kulay at balahibo. Ginamit din ng ibong Adarna ang pag-awit upang isalaysay ang mga pangyayaring kanyang nasaksihan, lalo sa taong nagmamay-ari sa kanya.<br><br>**Musika: Pampatulog, Pang-aliw o Panggising?**<br><br>Tulad sa awit ng Ibong Adarna, may mga awit na pampatulog sa sanggol gaya ng oyayi o lullaby. Ang mga awit na may malungkot na melodiya at letra (lyrics) ay maaaring magpatulog kahit na sa mga nakatatanda, lalo pa ang mga awit ng pag-ibig o ang sinaunang Kundiman. Samantala, ang mga awit na may masayang melodiya gaya ng mga novelty songs nina Yoyoy Villame at Max Surban ay nakaaaliw pakinggan. Subalit may mga awit na nalikha rin upang manggising, magturo at maglantad ng katotohanan tungkol sa mga nagaganap sa lipunan. Ang mga awit ng bandang ASIN ni Lolita Carbon, Banyuhay ni Heber Bartolome, WUDS ni Bobby Balingit, Datu's Tribe ni Cabring Cabrera, Musikang Bayan ni Danny Fabella, Plagpul ni Karl Ramirez, Bagong Lumad ni Joey Ayala at marami pang iba ay tumatalakay sa mga isyu ng pagkasira ng kalikasan, paglabag sa karapatang pantao, digmaan sa Mindanao at marami pang iba. Ang mga awit nina Gary Granada, Jess Santiago, Bayang Barrios, Popong Landero at kahit ni Gloc 9 ay tulad ng dayap (kalamansi) na pampatak sa sugat upang hindi tayo mahimbing mula sa mga propaganda ng fake news at panlilinlang na isinasagawa ng mga mapagsamantala sa lipunan.<br><br>Ang mass media sa kasalukuyan ay tulad ng awit ng Ibong Adarna na ipinaghehele tayo sa pantasya habang tumataas ang presyo ng bigas, nawawasak ang ating kalikasan dahil sa pagmimina, pinapaslang ang mga mamamahayag at nilulustay ng mga tiwaling pulitiko ang pondo ng bayan. Ang mga musikang makabayan ay siyang nanggigising sa atin. Narito ang isang halimbawa:<br>*(Tingnan sa pahina 5 ng Sagutang Papel ang liriko)*<br>Hanapin sa YouTube ang awit at pakinggan. Sagutin ang mga tanong:<br><br>1. Bakit mahalagang ikaw ay manatiling gising sa kasalukuyang panahon? | Maaring mapakinggan ang awiting "Inutil na Gising" sa https://www.youtube.com/watch?v=r3iWfHaqxxM |

2. Ano-ano ang mga pinagkakakabalahan mo sa kasalukuyan na maihahalintulad sa awit ng Ibong Adarna? Bakit?
3. Papaano magsisilbing "dayap at labaha" ang Musikang Makabayan? Ipaliwanag.

**Karagdagang kaalaman:**

**Tekstong Biswal**

Ang Tekstong Biswal ay ginagamit bilang presentasyon ng mga ideya upang maiparating ang mensahe patungo sa mas malawak na datos sa paraang mabilis at mabisa.

Kabilang sa mga elemento ng Tekstong Biswal ay ang kulay, hugis, anyo, at kapal o nipis, dami at *pattern* ng guhit sa larawan. Ang mga ito ay nagdadagdag ng kahulugan at mensahe sa tekstong biswal.

**Pagninilay sa Pagkatuto**

Sa aklat ng Ibong Adarna, nagkaroon ng iba't ibang bersyon ang pabalat nito dahil na rin sa pagbabago, pagrerebisa at pagsasalin nito. Ano ang napapansin mo sa larawan sa ibaba? Naging epektibo ba ang paggamit nito ng kulay, anyo at imahen upang mapabatid ang mensaheng nais ipahiwatig ng akda?




*https://www.gutenberg.org/files/16157/16157-h/16157-h.htm*

**BUOIN MO:** Ipabuo sa mga mag-aaral ang pahayag sa ibaba.

| | | |
|---|---|---|
| | a. Kung ako si Don Pedro, bilang panganay, ang nararapat kong gawin ay ________________.<br>b. Kung ako si Don Diego, ang nararapat kong gawin ay ________________.<br>c. Kung ako si Don Juan, ang nararapat kong gawin ay ________________.<br>d. Kung ako si Haring Fernando, bilang isang ama ang hindi ko nararapat gawin ay ________________________________________. | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**TAMA O MALI.** Basahin ang mga pangungusap at suriin kung tama o mali ang mga ito batay sa akdang binasa. Isulat ang **T** kung tama ang pahayag at **M** naman kung ito ay mali.<br><br>1. Dahil sa matinding inggit, ninais ni Don Pedro na patayin ang kanyang bunsong kapatid.<br>2. Nagdalawang-isip si Don Diego nang marinig niya ang binabalak ng kanyang nakatatandang kapatid kay Don Juan.<br>3. Ninais ni Don Juan na gumanti sa dalawang prinsipe upang maranasan nila ang hirap na kanyang dinanas sa kabundukan.<br>4. Hindi ininda ni Haring Fernando ang di pag-uwi ni Don Juan.<br>5. Dahil sa kanyang sinapit mula sa kanyang dalawang kapatid, nagsisi si Don Juan sa ginawang pagligtas sa kanila.<br>6. Ang Ibong Adarna ay umawit nang buong puso upang gumaling si Haring Fernando.<br>7. Nilinlang ng dalawang prinsipe si Don Juan upang mapakawalan ang ibon.<br>8. Ang Tekstong Biswal ay tumutukoy sa presentasyon ng mga ideya upang makapaglahad ng mensahe.<br>9. Ginamot ng matanda si Don Juan nang makita niya itong nakahandusay sa kabundukan at puno ng sugat.<br>10. Agad nagtungo ng Albanya si Don Juan nang makitang wala ang ibon sa hawla. | Maaaring magkaroon ng sariling kuwaderno o *filler* ang bawat mag-aaral para sa mga pagsusulit upang mas madaling masubaybayan ang kanilang mga marka at pagganap sa klase,<br><br>**Susi ng Pagwawasto:**<br>1. T<br>2. T<br>3. M<br>4. M<br>5. M<br>6. M<br>7. T<br>8. T<br>9. T<br>10. M |

<table>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5"></td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td></td></tr>
</table>